


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 35: Ang Mapagpasalamat at Entitlement Mentality



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 35: Ang Mapagpasalamat at Entitlement Mentality**  
**Unang Edisyon 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brandname*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	May Marie O. Eviota
<b>Editor:</b>	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib, Liezelou T. Bardon
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth Ysulan, Rashiel Joy F. Lepaopao, Jezzine F. Salar, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion, Victor A. Odtohan, Julita C. Flores
<b>Tagaguhit:</b>	Alim V. Eviota, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay, Adonis P. Umipig, Jay S. Mateo, Merlinda W. Malimit
<b>Tagalapat:</b>	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Bernie Rojo Pamplona
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa: \_\_\_\_\_

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600

Telefax No.: (085) 342-5969

Email Address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 35:  
Ang Mapagpasalamat at  
Entitlement Mentality**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang pagpapasalamat ay tanda ng kabutihang asal ng sinumang nakararamdam ng kaligayahang dulot ng mga biyayang natamo sa buhay. Ito ay nakapagdudulot din ng kaligayahan sa sinumang nakatatanggap nito, ang pinapasalamatan.

Ang pagpapasalamat ay tanda ng mabuting kalooban. Ika nga sa kasabihan “*Ang pagiging mapagpasalamat ay simbolo ng isang may marangal na kaluluwa.*” (Aesop).

Ang ating pagkamapagpasalamat ay isang pagpapatunay ng pagkilala sa mga biyayang natatanggap mula sa kaibuturan ng ating puso. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagiging mapagpasalamat ay naipahahayag din natin ang ating pagtanaw ng utang na loob sa pinagmulan ng biyaya at ang pag-iwas sa mentalidad ng *entitlement* at *ingratitude*.

Inaasahang sa modyul na ito ay malinang ang kasanayang pampagkatutona:

- a. Napatutunayan na ang pagiging mapagpasalamat ay ang pagkilala na ang maraming bagay na napapasaiyo at malaking bahagi ng iyong pagkatao ay nagmula sa kapwa, na sa kahuli-hulihan ay biyaya ng Diyos. Kabaligtaran ito ng Entitlement Mentality, isang paniniwala o pag-iisip na anomang inaasam mo ay karapatan mo na dapat bigyan ng dagliang pansin. Hindi naglalayong bayaran o palitan ang kabutihan ng kapwa kundi gawin sa iba ang kabutihang ginawa sa iyo. (EsP8PB-IIIb-9.3)



## Subukin

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Bakit mahalaga ang pagpapasalamat?
  - A. sapagkat karapatan nilang mapasalamatan
  - B. sapagkat ito ay tanda ng ating natamong biyaya
  - C. sapagkat walang ibang gagawa nito sa iyong kapwa
  - D. sapagkat ito ay tanda ng pagkilala sa biyayang natanggap
2. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salitang *gratis*?
  - A. pagpapasalamat sa piling mga biyaya
  - B. pagpapasalamat ng malugod sa kapwa
  - C. pagpapasalamat ng may pagtatangi sa kapwa
  - D. pagpapasalamat ng libre at walang inaasahang kapalit
3. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salitang *gratia*?
  - A. ang pagpapasalamat ay malugod sa kaibuturan
  - B. ang pagpapasalamat ay nagdudulot ng kasiyahan
  - C. ang pagpapasalamat ay kailangan upang muling tulungan
  - D. ang pagpapasalamat ay pagtatangi sa taong pinapasalamatan
4. Ano ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat?
  - A. Ito ay ugaling dapat paunlarin.
  - B. Ito ay kakayahang dapat panatilihin.
  - C. Ito ay nagpapakita ng kakayahang magbalik ng utang na loob.
  - D. Ito ay nagpapakita ng kagandahang-asal at nag-aangat sa pagkatao.
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpahahayag ng salitang *ingratitude*?
  - A. isang ugaling hindi dapat pamarisan
  - B. isang nakahihiyang gawi ng katauhan
  - C. isang mabigat na kasalanan sa lipunan
  - D. isang masamang ugali na nagpapababa sa pagkatao
6. Paano mo malalaman kung ang isang nilalang ay nagtataglay ng *ingratitude*?
  - A. kapag nandaraya sa kapwa
  - B. kapag kinalimutan ang pinagsamahan
  - C. kapag hindi kinilala ang tulong o biyaya na natanggap
  - D. kapag hindi nagbabayad nang tama sa pinagbilhan
7. Bakit nagkakaroon ng *entitlement mentality* ang isang indibidwal?
  - A. dahil likas ito sa bawat tao
  - B. dahil nakapagbibigay ng kasiyahan sa sarili
  - C. dahil iniisip niyang kailangan ito ng sangkatauhan
  - D. dahil iniisip niyang Karapatan niya ito na dapat matugunan

8. Alin sa mga sumusunod ang isang antas ng kawalan ng pasasalamat?
  - A. ang hindi pagtupad sa mga pangako
  - B. ang hindi pagtugon sa mga kahilingan
  - C. ang hindi pagbalik ng kabutihang loob sa kapwa
  - D. ang hindi pagbalik ng mga hiniram na kasangkapan
  
9. Tinawag si Ana ng drayber ng motorsiklong sinakyan at ibinigay ang payong na muntik niyang makalimutan. Paano maipakikita ni Ana ang pasasalamat sa drayber?
  - A. sa pamamagitan ng paglibre sa ibang pasahero
  - B. sa pamamagitan ng pagdoble ng kanyang pamasaha
  - C. sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham pasasalamat
  - D. sa pamamagitan ng pagbigkas ng salita ng pasasalamat
  
10. Binigyan si Rosa ng bulaklak ng kanyang kaibigan sa kaarawan nito. Paano niya matutugunan agad ng pasasalamat ang kanyang kaibigan?
  - A. sa pamamagitan ng pagngiti at pagyakap sa kaibigan
  - B. sa pamamagitan ng pag-*text* sa kaibigan kung maaalala niya na ito
  - C. sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham pasasalamat sa susunod na buwan
  - D. sa pamamagitan ng pagbibigay ng mamahaling regalo sa mismong kaarawan din nito
  
11. Hindi ipinaalam ni Ricky na siya ang iskolar ng isang pulitiko. Tama ba ang ginawa ni Ricky?
  - A. Mali, dahil naging mapagmataas siya.
  - B. Tama, dahil hindi naman ito kailangang ipagsigawan.
  - C. Tama, upang hindi mahaluan ng pulitika ang kanyang katauhan.
  - D. Mali, dahil kailangan niyang kilalanin ang tulong na ibinigay ng kapwa.
  
12. Tuwang-tuwa si Roger sa natanggap na inaasam na sapatos mula sa kanyang tiya sa ibang bansa. Paano agad maipamamalas ni Roger ang pasasalamat sa kanyang tiya?
  - A. sa pamamagitan ng pagyakap nito kapag nakauwi na sa bansa
  - B. sa pamamagitan ng pagpapasabi ng pasasalamat sa kanyang mga magulang
  - C. sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham pasasalamat para sa kanyang tiya
  - D. sa pamamagitan ng pag-*tag* sa kanyang tiya ng pasasalamat sa social media sa panahon ng pagkatanggap nito
  
13. Bakit kailangang magpasalamat sa biyayang kaloob ng kapwa?
  - A. sapagkat isa itong pagtanaw ng utang na loob
  - B. sapagkat nakatutulong ito sa popularidad ng tao
  - C. upang hindi ganahang tumulong ang iba sa kapwa
  - D. upang makapagbigay kasiyahan sa taong nagbigay ng tulong

14. Bakit sinasabing ang isang nilalang na mapagpasalamat sa mga biyaya ay kadalasang nakatatanggap ng maraming biyaya?
- A. sapagkat nakikilala siya at kinakaawaan ng iba
  - B. sapagkat kailangan niya ng maraming ayuda
  - C. dahil maraming tutulong upang makilala at maging sikat
  - D. dahil hindi magsasawang tumulong ang kapwa sa tao na marunong tumanaw ng utang na loob
15. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng pagpapasalamat?
- A. Ito ay pagtanaw ng utang na loob.
  - B. Ito ay isang magandang asal na dapat panatilihin.
  - C. Ito ay pagpapatunay ng kasiyahan sa biyayang natamo.
  - D. Ito ay pagkilala sa biyayang pinagkaloob ng Diyos.



## Aralin

# 1

# Mapagpasalamat at Entitlement Mentality

*“Siya na tumatanggap ng lahat ng bagay nang may pasasalamat ay gagawing maluwalhati”*

Doctrine & Covenant 78:19

Ngayon, may inihanda akong gawain na mag-uugnay sa iyo sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang ay binabati na kita.



## ***Balikan***

### **Gawain 1: Talulot ng Biyaya!**

Panuto: Gamit ang graphic organizer, alalahanin ang mga biyayang natanggap mo sa araw-araw na dapat pasasalamat. Isulat ang mga ito sa loob ng talulot ng bulaklak sa iyong sagutang papel.





## **Tuklasin**

### **Gawain 2: Pagnilayan!**

Panuto: Basahin ang teksto at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Malalim ang iniisip ni Marko habang nakatingin sa kawalan. Batid sa kanyang mukha ang kalungkutan kaya nilapitan siya ng kanyang ina at tinabihan sa pag-upo sa hagdanan.

*“Maaari ko bang malaman ang bumabagabag sa isipan ng aking munting binata?”*, wika ng ina. Malalim ang buntong-hininga ni Marko, *“Bakit po ganoon Inay? Bakit po ba hindi pantay-pantay ang pagkakaloob ng mga biyaya sa bawat tao? Bakit po ang iba mayaman, ang sarap ng buhay? Samantalang tayo mahirap lamang”*, tanong ni Marko.

Inakbayan ng ina si Marko. *“Anak, mahalagang malaman mo na kung ano man ang ipinagkaloob sa ating buhay ay dapat nating ipagpasalamat sa Dakilang Maylikha. Masdan mo ang mga batang lansangan na walang tahanan, walang magulang, hindi nakapag-aral at nanghihingi lang ng panlaman sa tiyan. Higit kang pinagpala kaysa ibang bata kaya dapat tayong makontento at maging mapagpasalamat.”*

Tumingin si Marko sa mata ng ina sabay tango ng kanyang ulo. *“Tama po kayo Inay, wala man tayong malaking tahanan pero maswerte pa rin po tayo dahil wala po tayong kapansanan at hindi nanlilimos sa lansangan.”*

Ngumiti ang ina kay Marko. *“Tama anak, maraming bagay tayong dapat ipagpasalamat kaya dapat ibalik natin ito sa pamamagitan ng pagkilala sa mga biyayang natanggap, sa pagtulong sa ating kapwa, at pagtanaw ng utang na loob sapagkat ang kawalan ng pasasalamat ay isang masamang ugali na nagpapababa sa ating pagkatao”*.

Gabay na tanong:

1. Ano ang ipinapahiwatig sa kwento?
2. Bakit mahalaga na makita at makapagpasalamat sa mga biyayang natatanggap?
3. Ano ang implikasyon ng kawalan ng pasasalamat sa ano mang biyayang natanggap?
4. Paano mo maipakikita ang iyong pagkilala sa mga natanggap na biyaya?



## ***Suriin***

Tanda ng isang nilalang na mapagpasalamat ang pagpapakita ng magiliw at masiglang pakikitungo sa taong tumulong dito. Ang pagpapakita ng kahandaan sa pagpapamalas ng pagpapahalaga sa nilalang na nagbigay ng kagandahang loob ay isang palantandaan ng pagtanaw ng utang na loob. Ang Utang na Loob ay ang pagkilala at pagtugon sa kabutihang loob na ipinamalas ng kapwa sa panahon ng pangangailangan, ito ay halimbawa ng isang pasasalamat.

Ang pasasalamat o *gratitude* sa Ingles ay nagmula sa salitang Latin na *gratus*-nakalulugod, *gratia*-pagtatangi o kabutihan at *gratis*-libre o walang bayad.

Sa bahaging *Tuklasin* ng modyul na ito ay nabanggit sa teksto na ang kawalan ng pasasalamat o *ingratitude* ay isang masamang ugali na nakapagpapababa ng pagkatao.

May tatlong antas ang Kawalan ng Pasasalamat na dulot ng *entitlement mentality* o ang paniniwala ng isang tao na ang lahat ng kanyang kagustuhan ay kanyang karapatan na kailangan agad matugunan. Ang mga antas na ito ay ang sumusunod:

- hindi pagbalik ng kabutihang loob sa kapwa sa kabutihang loob na natamasa
- paglilihim sa kabutihang naibigay ng kapwa
- pagkalimot o hindi pagkilala sa tulong na natanggap


Sa mga nagdaang aralin ay natalakay ang mga halimbawa ng mga biyayang natanggap sa pamamagitan ng kabutihang loob gayundin ang mga pamamaraan at pagpapakita ng pasasalamat sa mga ito. Gaya ng:

- Berbal na pagsasabi ng “salamat”
- Pagpapadala ng liham, text, o chat
- Pagbigay ng simpleng regalo
- Tumulong sa ibang tao
- Pagyakap o pagngiti

Ang pagkilala sa mga kabutihang loob o biyayang natanggap sa pamamagitan ng pasasalamat ay isang pagpapatunay ng pagtanaw ng utang na loob sa Diyos at sa mga nilalang na kinasangkapan nito. Napatutunayan ng isang nilalang na mapagpasalamat ang pagkilala nito sa mga biyaya ng Diyos ng walang *entitlement mentality* o pagkilala o pagtanggap nito, na ang kanyang tagumpay ay dulot ng kanyang karunungan na biyaya sa kanya ng Diyos at hindi dahil sa kanyang sariling kakayanan lamang.

Ang isang nilalang na marunong kumilala at magpasalamat sa mga tulong o kabutihang loob na natatanggap, na sa kahuli-hulihan ay biyaya ng Diyos ay higit pang nakatanggap ng maraming biyaya. Sapagkat ang Diyos ay mapagpala at hindi kailanman tinitii ang kanyang mga nilikha na mapagpakumbaba.


Kung marunong man tayong tumanggap ng mga biyaya, tayo rin ay marunong magbigay ng anuman sa ating tinatangkilik. Ito ay hindi bayad sa ating natatanggap na mga biyaya kundi sinusunod lamang natin ang kautusan ng Diyos na tayo ay gumawa ng mabuti sa ating kapwa tao. Ang paglingap sa nangangailangan ay isang halimbawa sa paggawa ng mabuti.



## Pagyamanin

### Gawain 3: Hanap-Salita!

Panuto: Bumuo ng mga salitang may kinalaman sa kahulugan ng PASASALAMAT o GRATITUDE gamit ang mga titik na makikita sa loob ng larawan na selfon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



### Gawain 4: Ikasisiya o Ikalulungkot!

Panuto: Suriin ang mga pahayag. Iguhit ang masayang *emoticon* 😊 kung sang-ayon ka sa mga nabanggit ng pahayag at malungkot na *emoticon* ☹️ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang hindi pagiging mapagpasalamat ay isang masamang ugali na nagpabababa ng pagkatao.
2. Ang kawalan ng pasasalamat ay pagpahahayag ng *entitlement mentality*.
3. Tanging berbal na pagsasabi ng salamat lamang maipakikita ang pasasalamat sa kapwa.
4. Hindi nakasasawang tumulong sa taong marunong tumanaw ng utang na loob.
5. Hindi katangi-tangi ang pagbibigay ng simpleng regalo bilang pagpahahayag ng pasasalamat.

### Gawain 5: Iyong mga Hakbang!

Panuto: Batay sa mga biyayang iyong natatamo sa araw-araw. Tukuyin ang mga taong naging kasangkapan nito at isulat ang iyong mga hakbang kung paano mo maipakikita ang pasasalamat bilang pagkilala sa kanilang kabutihang loob. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Kaunlaran na nakamit dahil sa mga natutunan sa Paaralan

Sino ang pasasalamat?

\_\_\_\_\_

Paano maipapa-hayag ang pasasalamat?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Kasaganaang dulot ng masisipag na magulang

Sino ang pasasalamat?

\_\_\_\_\_

Paano maipapa-hayag ang pasasalamat?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

### Batayan sa Pagmamarka

Krayterya	Higit na inaasahan 20 puntos	Nakamit ang inaasahan 15 puntos	Bahagyang nakamit ang inaasahan 10 puntos	Hindi nakamit ang inaasahan 5 puntos
Nilalaman	Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	Kompleto ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto.
Organisasyon ng mga kaisipan	Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.
Kabuoang Iskor = 40 puntos				



## ***Isaisip***

### **Gawain 6: Pagnilayan ang Kasabihan**

Panuto: Upang lalo pang maproseso ang iyong natutunan sa araling ito, basahin ang kasabihan at ipahayag ang iyong naintidihan sa ibig ipahiwatig nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

“Sa pagpapasalamat, takot ay nawawala at kasaganahan at natatamasa” – *Anthony Robbins*

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



### Batayan sa Pagmamarka

Krayterya	Higit na inaasahan 20 puntos	Nakamit ang inaasahan 15 puntos	Bahagyang nakamit ang inaasahan 10 puntos	Hindi nakamit ang inaasahan 5 puntos
Nilalaman	Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	Kompleto ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto.
Organisasyon ng mga kaisipan	Organisado at may malinaw na kaisipan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.
Kabuoang Iskor = 40 puntos				



## ***Isagawa***

### **Gawain 7: Kard ng Pasalamat**

Panuto: Lumikha ng isang *Kard ng Pasasalamat* alay sa iyong mga guro. Lagyan ito ng disenyo at sulatan ng mensahe ng iyong pasasalamat bilang patunay ng pagtanaw ng utang na loob sa mga aral na natutunan, kabutihang loob at mga payong iyong natanggap mula sa iyong mga guro.

<b>Rubrik sa Pagmamarka ng Kard Pasasalamat</b>				
Pamantayan	Higit na Inaasahan 5 puntos	Nakamit ang Inaasahan 4 puntos	Bahagyang Nakamit ang Inaasahan 3 puntos	Hindi Nakamit ang Inaasahan 2 puntos
Nilalaman ng Kard ukol sa taos-pusong pasasalamat sa mga guro	Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad ng taos-pusong pagpapasalamat	Kompleto at maayos ang pagkakalahad ng taos-pusong pagpapasalamat	May ilang kakulangan at di-gaanong maayos ang pagkakalahad ng taos-pusong pagpapasalamat	Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad ng taos-pusong pagpapasalamat
Pagkamalikhain	Kakaiba at maganda ng likhang sining	Maganda ng likhang sining	May kagandahan ngunit di-gaanong maayos ang likhang sining	Hindi maayos ang likhang sining
Kabuoang Puntos = 10				



## **Tayahin**

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

- Alin sa mga sumusunod ang nagpahahayag ng salitang *ingratitude*?
  - isang ugaling hindi dapat pamarisan
  - isang nakahihiyang gawi ng katauhan
  - isang mabigat na kasalanan sa lipunan
  - isang masamang ugali na nagpabababa sa pagkatao
- Paano mo malalaman kung ang isang nilalang ay nagtataglay ng *ingratitude*?
  - kapag nandaraya sa kapwa
  - kapag kinalimutan ang pinagsamahan
  - kapag hindi kinilala ang tulong na natanggap
  - kapag hindi nagbabayad nang tama sa pinagbilhan

3. Bakit nagkakaroon ng *entitlement mentality* ang isang indibidwal?
  - A. dahil likas ito sa bawat tao
  - B. dahil nakapagbibigay ng kasiyahan sa sarili
  - C. dahil iniisip niyang kailangan ito ng sangkatauhan
  - D. dahil iniisip niyang karapatan itong dapat matugunan
  
4. Alin sa mga sumusunod ang isang antas ng kawalan ng pasasalamat?
  - A. hindi pagtupad sa mga pangako
  - B. hindi pagtugon sa mga kahilingan
  - C. hindi pagbalik ng kabutihang loob sa kapwa
  - D. hindi pagbalik ng mga hiniram na kasangkapan
  
5. Tinawag si Ana ng drayber ng motorsiklong sinakyan at ibinigay ang payong na muntik na niyang makalimutan. Paano maipakikita ni Ana ang pasasalamat sa drayber?
  - A. sa pamamagitan ng paglibre sa ibang pasahero
  - B. sa pamamagitan ng pagdoble ng kanyang pamasahe
  - C. sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham pasasalamat
  - D. sa pamamagitan ng pagbigkas ng salita ng pasasalamat
  
6. Hindi ipinaalam ni Ricky na siya ang iskolar ng isang pulitiko. Tama ba ang ginawa ni Ricky?
  - A. Mali, dahil naging mapagmataas siya.
  - B. Tama, dahil hindi naman ito kailangang ipagsigawan.
  - C. Tama, upang hindi mahaluan ng pulitika ang kanyang katauhan.
  - D. Mali, dahil kailangan niyang kilalanin ang tulong na ibinigay ng kapwa.
  
7. Tuwang-tuwa si Roger sa natanggap na inaasam na sapatos mula sa kanyang tiya sa ibang bansa. Paano agad maipamamalas ni Roger ang pasasalamat sa kanyang tiya?
  - A. sa pamamagitan ng pagyakap nito kapag nakauwi na sa bansa
  - B. sa pamamagitan ng pagpapasabi ng pasasalamat sa kanyang mga magulang
  - C. sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham pasasalamat para sa kanyang tiya
  - D. sa pamamagitan ng pag-tag sa kanyang tiya ng pasasalamat sa social media sa panahon ng pagkatanggap nito
  
8. Bakit kailangang magpasasalamat sa biyayang kaloob ng kapwa?
  - A. sapagkat isa itong pagtanaw ng utang na loob
  - B. sapagkat nakatutulong ito sa popularidad ng tao
  - C. upang hindi ganahang tumulong ang iba sa kapwa
  - D. upang makapagbigay kasiyahan sa taong nagbigay ng tulong

9. Bakit sinasabing ang isang nilalang na mapagpasalamat sa mga biyaya ay kadalasang nakatatanggap ng maraming biyaya?
  - A. sapagkat nakikilala siya at kinakaawaan ng iba
  - B. sapagkat maraming kailangan ng maraming ayuda
  - C. dahil maraming tutulong upang makilala at maging sikat
  - D. dahil hindi magsasawang tumulong ang kapwa sa tao na marunong tumanaw ng utang na loob
  
10. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng pagpapasalamat?
  - A. Ito ay pagtanaw ng utang na loob.
  - B. Ito ay isang magandang asal na dapat panatilihin.
  - C. Ito ay pagpapatunay ng kasiyahan sa biyayang natamo.
  - D. Ito ay pagkilala sa biyayang pinagkaloob ng Dakilang Maylikha.
  
11. Bakit mahalaga ang pagpapasalamat?
  - A. sapagkat karapatan nilang mapasalamatan
  - B. sapagkat ito ay tanda ng ating natamong biyaya
  - C. sapagkat walang ibang gagawa nito sa iyong kapwa
  - D. sapagkat ito ay tanda ng pagkilala sa biyayang natanggap
  
12. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salitang *gratis*?
  - A. pagpapasalamat sa piling mga biyaya
  - B. pagpapasalamat ng malugod sa kapwa
  - C. pagpapasalamat ng may pagtatangi sa kapwa
  - D. pagpapasalamat ng libre at walang inaasahang kapalit
  
13. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salitang *gratia*?
  - A. Ang pagpapasalamat ay malugod sa kaibuturan.
  - B. Ang pagpapasalamat ay nagdudulot ng kasiyahan.
  - C. Ang pagpapasalamat ay kailangan upang muling tulungan.
  - D. Ang pagpapasalamat ay pagtatangi sa taong pinapasalamatan.
  
14. Ano ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat?
  - A. Ito ay ugaling dapat paunlarin.
  - B. Ito ay kakayahang dapat panatilihin.
  - C. Ito ay nagpapakita ng kakayahang magbalik ng utang na loob.
  - D. Ito ay nagpapakita ng kagandang asal at nag-aangat sa pagkatao.
  
15. Binigyan si Rosa ng bulaklak ng kanyang kaibigan sa kaarawan nito. Paano niya matutugunan agad ng pasasalamat ang kanyang kaibigan?
  - A. sa pamamagitan ng pagngiti at pagyakap sa kaibigan
  - B. sa pamamagitan ng pag-*text* sa kaibigan kung maaalala niya na ito
  - C. sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham pasasalamat sa susunod na buwan
  - D. sa pamamagitan ng pagbibigay ng mamahaling regalo sa mismong kaarawan din nito



## **Karagdagang Gawain**

### **Gawain 8: #hashtag**

Panuto: Gamit ang iyong *cellphone*, kunan ng larawan ang iyong nilikhang **Kard ng Pasasalamat** para sa iyong mga guro at ang mensahe na iyong sinulat bilang pagpapatunay ng iyong pagkilala sa kanilang mga kabutihang-loob at i-post ito sa iyong *social media* na may katagang: **#ParaSaAkingNatutuhanKayoyTaosPusongPinapasalamatan.** Bilang patunay, kunan ng *screenshot* ang *post* sa *social media* at idikit ang larawan sa sagutang papel.



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Gayamanin</b></p> <p>Gawain 3</p> <p>1. Gratus 2. Gratia 3. Gratis</p> <p><i>Pwedeng magka pairt-pairt</i></p> <p>4. Libre 5. Mabuti 6. Malugod</p> <p>Gawain 4</p> <p>1. 😊 2. 😊 3. 😞 4. 😊 5. 😞</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1. D 2. C 3. D 4. C 5. D 6. D 7. D 8. A 9. D 10. D 11. D 12. D 13. D 14. D 15. A</p>	<p><b>Subukin</b></p> <p>1. D 2. D 3. D 4. D 5. D 6. C 7. D 8. C 9. D 10. A 11. D 12. D 13. A 14. D 15. D</p>
---	---	---

# ***Sanggunian***

## **Hanguang Elektroniko**

(n.d.). Retrieved from <https://www.pinterest.ph/pin/33988172166892165/>

(n.d.). Retrieved from <https://www.churchofjesuschrist.org/study/scriptures/gs/thankful-thanks-thanksgiving?lang=tgl>

## **Aklat**

Bognot, R. e. (2014). *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. Pasig City, Philippines: FEP Printing Corp.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)